
GRADE 2

# Leveled Reader in Filipino


# Pista ng Pahiyas




Kuwento ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Rea Diwata Mendoza




Ang pista ay malaking bahagi ng kulturang Pilipino. Bawat bayan ay may ipinagdiriwang na pista.





Tuwing Mayo ipinagdiriwang ang Pahiyas sa bayan ng Lucban, Quezon.




Tuwing Pahiyas, nagiging makulay ang buong bayan ng Lucban. Lahat kasi ng bahay ay may palamuting kiping.



Ang kiping ay gawa sa bigas na hinaluan ng pangkulay. Bawat bahay ay may natatanging disenyo gamit ang kiping.




Pero hindi lang ang mga bahay na may palamuti ang kakaiba tuwing Pahiyas. Mayroon ding prusisyon ng mga higante at mga kalabaw.



Marami ring tiyangge tuwing Pahiyas. May tindang laruan, damit, basket, at iba pang gawang Lucban.



At siyempre, may kainan din. Hindi kompleto ang Pahiyas kung walang pansit habhab.



Laging masaya at makulay ang pista. Sa bayan ninyo, anong pista ang inyong ipinagdiriwang?

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE